Julius Cainglet
Vice President for Research, Advocacy and Partnerships
Federation of Free Workers (FFW)

# Ang 15-Point Labor Agenda at ang Pagkakaisa ng Kilusang Paggawa sa Pilipinas

Ang pagkakaisa ng kilusang ng paggawa sa Piipinas ay pinanday ng higit isang daan taon ng pakikibaka at paglaban sa pang-aapi ng mga kapitalista, naghaharing uri at dayuhang monopolyo kapital. Subalit sa maraming pagkakataon, kinatatampukan din ito ng mga tunggalian at malalim na hidwaan sa loob mismo ng kilusan.

Mailap ang pagkakaisa. Ang pagkakaiba sa ideolohiya, pulitika, maging sa paraan ng paggawa at mga personal na katangian ng mga lider manggagawa, at panunulsol ng mga tiwaling opisyal, kapitalista at mass media na kontrolado nito, ay mga salik na pumupigil sa pagkakaisa ng mga manggagawa.

Nagbago ang lahat nang pangibabawan ng mga unyon ang mga pagkakaiba nito at sa halip ay pinagtuunan kung saan maaaring makapagtulungan.

Taong 2018, ang gobyerno ng Pilipinas ay naghahanda noon para sa "Voluntary National Review" ng United Nations (UN) sa High Level Political Forum (HLPF) on the Sustainable Development Goals (SDGs) sa kasunod na taon. Kasama ang ilang unyon, nakikipag-ugnayan ang Federation of Free Workers (FFW) sa National Economic Development Authority (NEDA) na siyang nangunguna proseso ng VNR ng bansa.

Kasabay nito ay nagsisimula na rin ang “UN Reform” process, kung saan ang “One UN” approach ay unti-unti nang pinaiiral sa mga kasaping bansa ng UN. Masigasig na nakikipag-ugnayan at nakikipagtalastasan noon ang FFW sa usapin ng SDGs sa Asya, sa pamamagitan ng Asia Pacific Forum on Sustainable Development (APFSD), at sa buong daigdig, sa pamamagitan ng HLPF sa SDGs na pinangungunahan ng mga ahensya ng UN.

Nang mabasa ng FFW ang unang draft ng VNR ng Pilipinas, napuna nito na walang punto de bista ng manggagawa rito. Dito na iminungkahi ng FFW sa International Labour Organization (ILO), bilang isa sa mga ahensya ng UN, na maglaan ng suporta sa mga unyon upang maglabas ng “Joint Philippine Trade Union Position Paper” hinggil sa VNR ng gobyerno ng Piipinas. Ipinagkaloob ng ILO ang suporta at sa unang pagkakataon matapos ang pag-veto ni dating Pangulong Rodrigo Duterte sa Security of Tenure Bill, nag-usap-usap at nagharap-harap muli ang mga unyon upang talakayin ang magkakahalintulad na posisyon hinggil sa disenteng trabaho, kaparapatang mag-unyon at makipag-CBA, nakabubuhay na sahod, endo, social protection at climate change at just transition. Nabuo ang Joint Philippine Trade Union Position Paper” hinggil sa VNR ng gobyerno ng Piipinas at naipahayag ng FFW sa APFSD at HLPF noong 2019.

Taong 2019 din nang maglabas ng rekomendasyon ang ILO Committee on the Application of Standards (CAS) sa International Labour Conference na magsagawa ng High Level Tripartite Mission sa Pilipinas upang imbestigahan ang mga ulat na pagpatay sa mga unyonista at iba pang malalalang paglabag sa mga prinsipyo ng freedom of association sa ilalim ng ILO Convention 87. Sa naturang komperensya at sa mga naging paghahanda para sa ILO HLTM at pagharap sa gobyerno ay nagpatuloy ang pag-uusap ng mga Unyon.

Sumabog ang Covid-19 Pandemic at lumala ang kalagayan ng manggagawa noong 2020. Nagpahayag ang UN na binubuo na nito ang Development Assistance Framework sa Pilipinas na kung tawagin ay Socio-Economic and Peacebuilding Framework (SEPF) for Covid-19 Recovery in the Philippines o ang UN Partnership Framework for Sustainable Development, na siyang magiging gabay ng mga ahensya ng UN sa paghahatid ng development assistance at ibang porma ng tulong para sa bansa. Minsan pa ay nagpahayag ng kagustuhan ang kilusang paggawa na mapakinggan sa usaping ito. Nag-usap muli ang mga Manggagawang Pilipino at nilapatan ng updates ang Joint Philippine Trade Union Position Paper sa VNR, na siyang naging batayan ng kolektibong posisyon nito sa SEPF.

Dito na rin nakilala at patuloy na kinilala, di lamang ng ILO ang mga unyon, kundi maging ng UN Resident Coordinator, na siyang tumatayong pinuno ng UN sa Pilipinas.

Nang maging VNR country muli ang Pilipinas noong 2021, naglabas na naman ng joint position paper ang mga unyon. Nagpatuloy ang pag-uusap, kahit may ilang di pagkakaunawaan sa politika.

Bunga ng mga joint position papers na ito, nagpasya ang mga unyon na magbuo ng Labor Agenda sa tulong ng proyekto ng ILO hinggil sa Disenteng Trabaho at Kalakalan, simula 2021. Nagtagal ang pagbubuno para mabuo ang agenda na ito. At nang magpasya sa wakas ang gobyerno na tanggapin ang ILO HLTM, bunga na rin ng pagdidiin ng mga Unyon, nagkaroon ng karagdagang tulak na paigtingin ang pagkakaisa.

Habang binubuno ang ulat ng tinaguriang All Philippine Trade Unions (APTU) noong Enero 2023 para sa ILO HLTM, binagsakan ng parehong grupo ng mga manggagawa ang 15-point Labor Agenda, kasunod ng sama-samang martsa para sa Kaarawan ni Andres Bonifacio. Disyembre 2022 nang ilunsad ang 15-Point Labor Agenda at ipresinta sa Diplomatic Community sa Pilipinas, ilang araw bago ang unang pambansang konsultasyon ng APTU para sa ulat nito sa paparating na ILO HLTM sa pagpasok ng bagong taon.

Isang buhay na dokumento ang 15-Point Labor Agenda. Sa kasalukuyan ay nilalapatan ito ng gender lens at pinayayaman ng mga talakayan at sama-samang pagkilos iba't ibang bahagi ng bansa, habang ipinangangalandakan na mabuting halimbawa sa kilusang paggawa sa Asya at Pasipiko.

Sa ganang akin, ilan sa mga tampok na bahagi nito ay ang mga sumusunod:

**1. Ganap na ipatupad ang karapatang mag-organisa at karapatan sa katiyakan sa trabaho**

1.1 Wakasan ang lahat ng uri ng kontraktuwalisasyon sa paggawa at di-standard na trabaho na hadlang sa karapatang mag-organisa

- Isabatas ang security of tenure law na magwawakas sa lahat ng uri ng kontraktwalisasyon sa paggawa at non-standard na trabaho sa pribado at pampublikong sektor
- Gawing regular ang lahat ng contractuals, job orders (JO) at contract of service (COS) positions sa gobyerno, kasama ang barangay health workers

1.2 Ipatupad ang ang mga rekomendasyon ng ILO High Level Tripartite Mission at iba pang obserbasyon/puna ng ILO supervisory bodies hinggil sa pagpapatupad ng ILO convention 87

- Ipasa at ipatulad ang mga epektibong hakbang upang maiwasan ang karahasan kaugnay ng pagsasagawa ng mga lehitimong aktibidad ng mga manggagawa
- Agad imbestigahan ang mga alegasyon ng karahasan laban sa mga kasapi ng union at samahang manggagawa

1.4 Kabahagi ang mga unyon, agad na ilabas ang implementing rules and regulations ng Labor Education Act of 2021

- Ganap na implementasyon ng Labor Education Act na maglalagay ng "Karapatan sa paggawa" sa education curriculum, at ang pagiging bahagi ng mga union sa pagsusulat ng implementing rules and regulations nito.

**2. Palakasin at palawigin ang samasamang pakikipagtawaran (collective bargaining)**

2.1 Ipatupad ang mandatory sole and exclusive bargaining agent (SEBA) recognition sa unyon na may mayoryang kasapian (50%+1) ng bargaining unit

2.2 Itaguyod ang multi-employer bargaining at industry bargaining

2.3 Itaguyod ang karapatan ng manggagawa at operator sa informal sector upang samasamang makipagtawaran sa gobyerno, negosyo, at ibang grupo sa pamamamagitan ng mga bargaining forum

**3. Patatagin ang mga patakaran sa sahod, lalo na para sa mga mababa ang sahod**

3.1 Isabatas ang national minimum wage para sa agricultural and non-agricultural sectors

3.2 Agarang magtatag ng independent national body na magtatakda ng national minimum wage bago buwagin ang Regional Tripartite Wage and Productivity Boards (RTWPBs)

3.3 Ipantay ang minimum wage sa living wage

3.4 Pagpantayin ang sahod sa pampublikong sektor

- Ipantay ang sahod ng mga empleyado sa pamahalaang lokal at pambansa
- Ipantay ang sahod at ayusin ang wage distortion dulot ng Compensation and Position Classification System

**4. Ipatupad ang proteksyong panlipunan (social protection) nang sapat at para sa lahat, kabilang ang social security na may kontribusyon o pinopondohan ng pamahalaan**

4.1 Pag-aralan kung paano mapatataas ang pension ng retirees at bilang ng retorees na nakatatanggap ng pension

- Dagdagan ang minimum level of support para sa pinakamahirap na may edad
- Lawakan ang saklaw ng mga empleyado sa occupational pension schemes, maglaan ng pondo sa public system para sa hinaharap
- Simulan ang non-cash out options sa retirement plan
- Lapatan ng wastong regulasyon ng mga private pension system

4.2 Magtatag at panatilihin ang social protection floor na itatakda sa pambansang antas na magkakaloob ng pangunahing health care and basic income security para sa lahat, na nakabatay sa ILO Recommendation 202

- Dagdagan ang gastosin ng gobyerno para sa kalusugan
- Pondohan nang buo at palawakin ang saklaw ng universal health care
- Mamuhunan sa human and physical resources para paigihin ang kalidad ng public health care system para sa lahat
- Palawakin ang saklaw ng unemployment insurance

4.3 Maglunsad ng malawakang public employment program, kabilang ang climate jobs

- Palaganapin ang Unemplyment Subsidy and Work Assistance Guarantee (USWAG)
- Palawigin ang DOLE TUPAD program sa pamamagitan ng pagdagdag sa bilang ng workdays at hindi paglimita sa pansamantalang trabaho, non-quality jobs at tiyakin ang social protection para sa mga manggagawa
- Tiyakin na ang implementasyon ng USWAG at TUPAD ay di mababahiran ng pulitika at kasama ang unyon sa pagbibigay ng access sa implementasyon at monitoring ng programa

4.4 Patatagin ang kaligtasan at kalusugan (occupational safety and health) sa lugar paggawa para sa pribado at pampublikong sektor
- Buhayin at ipagpatuloy ang deputization ng trade unions bilang OSH inspectors
- Paganahin ang mga OSH Committees sa lahat ng lugar paggawa, kasama ang sa pampublikong sektor
- Sa pampublikong sektor, magsabatas o maglabas ng patakaran na kahalintulad ng Republic Act No. 11058 na may pagkilala sa karapatang tumanggi sa trabaho nang walang pagganti ng employer kung may batang panganib o imminent danger sa lugar paggawa na maaaring magdulot ng sakit, pinsala o kamatayan
- Mariing ipatupad ang Joint Memorandum Circular no.1 Series 2020 ng CSC, DOH at DOLE hinggil sa OSH Standards in the Public Sector

**5. Tiyakin ang dekalidad na serbisyo publiko (kalusugan, edukasyon, pabahay, tubig, kuryente, transportasyon)**

5.1 Itigil ang pribatisasyon ng healthcare at iba pang serbisyo publiko
- Itigil ang lahat ng uri ng pribatisasyon, kasama ang pribatisasyon ng local water districts/utilities at corporatization ng electric cooperatives
- Kondenahin ang "rightsizing" sa gobyerno at igiit ang masusing pagsusuri sa trabahong ginagampanan ng mga manggagawang JO at COS

5.2 Itatag ang Center for Disease Control (CDC)

5.3 Ipatupad ang inklusibo at dekalidad na education for all and lifelong learning para sa ganap na pag-unlad ng kakayanan ng mamamayan
- Tiyakin na may sapat na pondo ang edukasyon

5.6 Repormahin ang sistema ng public transportation sa pamamagitan ng pagpapatupad at pagpapalakas ng active transportation system at institusyonalisasyon ng (tamang) service contracting
- Patatagin ang active transportation system
- Institusyonalisasyon ng tama, patas at disenteng service contracting

**6. Bigyang proteksyon at suportahan ang mga negosyo at manggagawa sa impormal na sektor**

6.1 Pabilisin ang transisyon ng manggagawa at operators sa informal sector, kabilang ang BARMM, sa konteksto ng ILO Recommendation 204

6.2 Itaguyod at suportahan ang pagpapaunlad ng Social and Solidarity Economy (SSEs), kasama ang green SSEs

6.3 Bigyan ng kakayahan ang informal na negosyo upang magpatupad ng mga hakbang ukol sa kaligtasan at kalusugan sa paggawa (occupational safety and health) sa konteksto ng ILO Convention 187

6.4 Patatagin ang mga patakaran at hakbang hinggil sa social protection ng mga manggagawa sa informal sector at mga may trabahong mahirap (working poor), na may pagtatangi sa pagitan ng programang may kontribusyon at pinopondohan ng pamahalaan

- Magsagawa ng mga hakbang tungo sa pagbibigay ng gobyerno ng counterpart sa social security contributions ng voluntary members mula sa informal sector and working poor
- Idagdag sa saklaw ng Expanded Maternity Leave Law ang mga manggagawa sa informal sector

**7. Kamtin ang gender equality at bigyang kapangyarihan ang mga kababaihan at batang babae at LGBTQI+ community**

7.1 Punan ang gender pay gap

7.2 Kilalanin ang “unpaid care work” bilang trabaho at magpatupad ng mga patakaran na magpapalawak ng partisipasyon ng lalaki at babae sa “care work”

7.4 Patuloy na patatagin ang legal na balangkas at patakaran na ang layunin ay wakasan ang karahasan sa kababaihan at batang babae at labanan ang anumang pagtatangka na bawiin ang mga naipanalo nang batas.

7.5 Ipasa ang Sexual Orientation, Gender Identity, Gender Expression and Sex Characteristics (SOGIESC) Equality Law, o ang SOGIESC Equality Act

**8. Ipasa at ipatupad ang matatag, pantay at likas kayang mga komunidad sa pamamagitan ng pagsanib ng pagbabago ng klima, kapayapaan at mga patakaran sa pagpapatatag sa mga pambansang patakaran, estratehiya at plano**

8.1 Isanib ang pananaw na “green and climate” sa pagbabangon ng ekonomiya na naglilikha ng maraming trabaho at suportahan ang paglikha ng climate jobs

8.2 Isama ang mga union at samahang manggagawa sa pagbubuo ng patakaran kaugnay ng climate change, climate justice at sa pagbubuo ng plans of action

8.3 Pagtibayin ang balangkas ng ILO sa Just Transition at Just Transition Guidelines

8.4 Gumamit ng pangkalahatan at masaklaw na diskarte sa pagtugon sa mga sakuna at pagpapababa sa bantang panganib (disaster response and risk mitigation)

8.5 Isulong ang demokrasya sa enerhiya sa pamamagitan ng ng control ng publiko sa industriya ng enerhiya at pag-amyenda sa EPIRA Law upang mapababa ang singil sa kuryente, at tiyakin ang papel ng estado sa pagpaplano, paglikha ng kuryente at distribusyon, at ipagtanggol ang mga electric cooperatives laban sa anumang porma ng korporatisasyon

8.6 Isanib ang guiding principles ng ILO Recommendation No. 205 (Employment and Decent Work for Peace and Resilience sa lahat ng hakbang na ginagawa ng gobyerno upang maglikha ng disenteng trabaho para sa pagpigil, pagbangon, kapayapaan at katatagan sa harap ng mga krisis mula sa tunggalian at mga sakuna

**9. Ipagtanggol ang Karapatan at tiyakin ang kagalingan ng mga overseas Filipino workers (OFWs), kasama na ang undocumented workers**

9.1 Patatagin at bantayan ang Karapatan ng OFWs lalo na sa mga bansa na nagrepaso ng mga batas paggawa at regulasyon upang balansehin ang pangangailangan na itaguyod ang pglikha ng trabaho at pangalagaan ang Karapatan sa paggawa

9.2 Suportahan at ipagtanggol ang mga natanggal sa trabaho at balibayan na OFWs at mga nasa ibayong dagat

9.3 Ipatupad nang ganap ang One Country Team Approach (OCTA) sa lahat ng destination countries

9.4 Magpasa ng deployment cap ng healthworkers at ibang hakbang upang panatilihin ang madulas na paggana ng healtcare system, lalo na sa panahon ng krisis pangkalusugan

**10. Ipasa at ipatupad ang likas kayang industrial policy na parehong nakatuon sa economic upgrading and social upgrading**

10.1 Magbuo ng high level commission nang may partisipasyon ang mga unyon sa pagbubuo ng national industrial policy

10.2 Imodernisa at buhayin ang sektor ng agrikultura at patatagin ang ugnayan sa industriya

10.3 Ipatupad at kumpletuhin ang comprehensive and genuine agrarian reform program

10.4 Patatagin ang chemicals & pharmaceuticals industry

10.5 Magbuo ng comprehensive mining strategy upang umangkop sa paglipat sa renewable & green energy

10.6 Iugnay ang infrastructure program ng gobyerno sa comprehensive development plan
10.7 Magkaloob ng financial & technical support sa MSMEs

**11. Buwisan ang yaman ng mga pinakamayayaman upang pondohan ang pagbangon ng ekonomya at pagkakaroon ng panlipunang proteksyon para sa lahat**

11.1 Suportahan ang wealth tax na isinusulong ng NAGKAISA at ng Third World Network

12. **Patatagin at palalimin ang pakikipagtalastasang panlipunan (social dialogue)**

12.1 Tiyakin ang institusyonalisasyon ng representasyon at tinig ng mga manggagawa sa mga institusyong pampubliko at magpatupad ng mga makabuluhang talastasang panlipunan
12.2 Tiyakin ang institusyonalisasyon ng social dialogue sa pampublikong sector, kasama ang mga sangay, subdivisions, instrumentalities, & mga ahensya nito

**13. Ipasà ang mga patakaran para sa proteksyon ng manggagawa sa digital economy, maging ang mga manggagawa na gumagamit ng kagamitang digital ang mga platform**

13.1 Gumawa ng Charter of Rights ng platform workers at magpasà ng batas na magtatanggol sa karapatan ng freelance workers & ibang manggagawa sa digital economy
13.2 Labanan ang bogus na self-employment & maling klasipikasyon ng manggagawa bilang independent contractors sa pamamagitan ng pagsasabatas ng “assumption of employment relationship” batay sa mga elemento ng kontrol sa pagitan ng platform workers & platform company
13.3 Magkaloob ng social protection sa mga manggagawa na nasa digital labor platforms

**14. Itakda ang adyenda para sa kinabukasan ng paggawa (future of work), manggagawa & kapangyarihan ng manggagawa**

“Pagtibayin ang ILO “human-centred agenda” para sa “future of work” na magpapatatag sa “social contract” sa pamamagitan ng paglagay ng manggagawa at ang trabahong kanyang ginagawa sa gitna ng patakarang pang-ekonomya at panlipunan, at business practice

14.1 Maglikha ng High-level Commission hinggil sa Future of Work na may permanenting kinatawan ng Unyon
14.2 Bigyan ng pagsasanay ang manggagawa at mamuhunan sa life-

long learning ecosystems upang tugunan ang pangangailangan ng "future skills" at pagbuo ng "skills systems" tungo sa paghahanda ng manggagawa laban sa biglaan at mabilis na "automation" at digitalization ng trabaho

14.3 Tiyakin na sumusuporta sa disenteng trabaho ang paggamit ng teknolohiya & anumang pag-unlad sa teknolohiya ay magagamit sa mga lugar paggawa sa pampubliko & pribadong sector at sang-ayon sa "human-in-command approach"

14.4 Mamuhunan nang malaki sa serbisyong panlipunan at pang-kagalingan.

14.5 Dagdagan ang pamumuhunan sa public employment services, kasama ang pagpapaunlad ng digital services

14.6 Patatagin ang pagtuon sa green jobs & sustainability & ituloy ang buwelo para sa pagpapabuti ng kalikasan

**15. Igiit ang kasarinlan ng Pilipinas sa West Philippine Sea at tiyaking mabuwag ang militarisasyon dito**

15. 1 Igiit na teritoryo ng Pilipinas ang West Philippine Sea

- Ganap na implementasyon, kasama ang pagtatatag ng regional-based Industry Tripartite Council, at monitoring sa patalima sa labor standards, kondisyon sa paggawa at buhay, at iba pang proteksyon para sa mangingisda na nasa fishing vessels para sa commercial fishing operations, na nakasaad sa DO No.156, Series of 2016

15.2 Ratipikahin ang Treaty on the Prohibition of Nuclear Weapons.